**LESSON PLAN** | Topic and Targeted Takeaways to Learn About and Retain
***Banghay-aralin*** | *Paksa at Inaasintang mga Matututunan at Maalala ng Mag-aaral*

**Week 1 Topic** | The Overwhelming Diversities of Conflicts in the World
***Paksa ng Linggo*** | *Ang Nakakalulang Naglipanang mga Tunggalian sa Daigdig*

**Main Question** | What is the common feature of all conflicts in Society?
***Susi na Tanong*** | *Ano ang natatanging katangian ng mga labanan sa Lipunan?*

**Key Learnings**
***Dapat Magagap***

1. Society is faced with overlapping serious challenges.
   *Patung-patong ang mga mabibigat na problema ng mundo.*
2. All conflicts involve differences of dissimilar actors.
   *Lahat ng ito ay labanan ng magkakaibang magkakalaban.*
3. Since everyone is affected, for problems to be solved, real solutions require that everyone gets involved.
   *Dahil sangkot ang kalahatan, ang malaganap na kalutasan nakasalalay sa alam at pakikialam ng mga Mamamayan.*

NOTES | REFERENCES | SOURCES | TASKS

Mga Kagamitan:
- **a**. Projector/TV
- **b**. Laptop/Computer
- **c**. Speaker

Paunang mga Gawain:
- **a**. Panalangin
- **b**. Pag-tsek ng Attendance
- **c**. Thought of the Day
- **d**. Pampasigla

Contextualized Activities Balete, Aklan

Sources:
- https://www.youtube.com/watch?v=EGJhY8iDbJ8
- https://www.youtube.com/watch?v=QJHPuv3Z3qI&t=77s
- www.canva.com



I. Animating the Affective Senses and Sustaining the Recollection of Learning
*Pagpupukaw ng Pakiramdam at Malaunang Pagpapatimo sa Alaala ng Napag-aralan*

Awitalakayan
DOWNLOAD TOPIC SONG

societrix.com/exemplars/01

***Oyayi sa Mundo***
NOEL CABANGON | BUKLOD

*Aking mundo*
*Ihimlay ang pagal mong katawan*
*Sa duyan ng kalawakan*

*Hayaang*
*Maghilom ang mga sugat sa iyong dibdib*
*Na likha ng mga tao*

*At itigil*
*Nang isang saglit ang iyong paggalaw*
*Pagkat sa muli mong pag-inog*
*ay may bago nang buhay*

AFFECTIVE CLASS EXERCISES

**Gawain 1. Pagsusuri ng Kanta at Kwentuhan**

Damahin ang epekto ng mga suliranin sa lipunan. Sa Balete, Aklan, isipin ang mga lokal na isyu o hamon na nararanasan ng komunidad.

**A**. Pagkatapos pakinggan ang kanta, pag-usapan kung anong damdamin ang nangibabaw sa mga mag-aaral.

**Pamprosesong mga Tanong**
1. Ano ang nararamdaman ninyo habang pinapakinggan ang kanta?
2. Mayroon ba kayong nakikitang kaguluhan o problema sa inyong tahanan, sa bayan natin sa Balete o sa probinsya ng Aklan na parang sinasalamin ng kanta?

**B**. Lokal na Kwento o Karanasan:
Magbahagi ng maikling kwento o karanasan tungkol sa pagkakataon sa inyong tahanan o sa bayan ng Balete kung saan nagkaroon ng hindi pagkaunawaan o maliit na suliranin sa komunidad (hal. sa paggamit ng patubig, sa isang pista, o sa paglinis ng kalye), ngunit sa huli ay nagkaisa ang mga tao para malutas ito.

**Pamprosesong mga Tanong**
1. Ano ang naramdaman ng mga sangkot sa kwento o karanasan?
2. Paano nalutas ang hindi pagkakaunawaan?

## II. Engaging the Cognitive Faculties through Critical Freewheeling Exchange of Inquiries, Suppositions, Information, and Opinions

*Pag-uudyok ng Kaisipan sa pamamagitan ng Mapanuri at Malayang Pagpapalitan ng mga Pagpapalagay, Katanungan, Kuro-kuro, at Kaalaman*

**COMMON GROUND ONE**

**People disagree on just about everything, whether over law, cultural tradition, science and technology, religion, ideology or belief. There is, however, a global agreement over the statement, "There is diversity in the world." If so, it should be in everyone's interest to sort diversity out if we are to comprehend a thing.**

COGNITIVE CLASS EXERCISES

**Gawain 2. Ano ang Dahilan? Brainstorming (Lokal na Isyu)**:

Ang lokal na pamahalaan ng Balete ay nagpasa ng isang ordinansa sa pagbabawal sa paggamit ng *single use plastic bags*. Ayon sa pamahalaan, ito ay makakatulong upang maiwasan ang pagbaha sa bayan. Subalit, tutol ang mga negosyante lalo na ang mga nagbebenta ng isda sapagkat ayon sa kanila ay mas mainam gamitin ang plastic bags dahil hindi ito madaling masira kapag lalagyan ng mga panindang isda.

**Pamprosesong mga Tanong**

1. Sino-sino ang magkakaibang panig na sangkot sa isyu?
2. Ano ang posibleng pinagmulan ng kanilang pagkakaiba ng opinyon?
3. Bakit mahalaga na unawain ang iba't ibang panig sa suliraning ito?

**Gawain 3. *"Kon Ikaw Pahambaeon"* (Kung ikaw ang pagsasalitain...)**

Basahin ang sitwasyon sa ibaba. Magbahagi ng inyong mga palagay, paano kaya dapat harapin ang ganitong pagkakaiba ng pananaw?

**Sitwasyon**:

Ang lokal na pamahalaan at Pulisya ng Balete ay nagnanais magpatupad ng *curfew* sa mga kabataan. Sa tingin ng iilan ito ay makakatulong, pero sa tingin ng iba ito ay makakasama at paglabag sa kanilang karapatan para magliwaliw at tumambay sa gabi. Kung ikaw ay residente ng Balete, paano mo susuriin ang sitwasyon para maintindihan ang lahat ng panig?




## III. Employing Physical Activities, Tactile Tools and Manipulatives to enhance Absorption and Internalization of the Subject and Key Learnings

*Paggalaw ng Katawan at Paggamit ng mga Aparatong Nabubusisi't Nahahawakan upang mapaigi ang Pagnguya at Pagsaloob ng Paksa at Kaakibat na Aral*

SOCIETRIX
The Architecture of Society
*Citizenship Education Primary Device*

| Virtual Societrix | How to build the Societrix |
|---|---|
| societrix.com/virtual.societrix | societrix.com/manipulatives |




PHYSICAL AND TACTILE CLASS EXERCISES

**Gawain 4. Societrix Model (Lokal na Konteksto)**:

Gamit ang Societrix Model, pag-usapan kung paano nagkakaiba-iba ang "interes" o "pananaw" ng bawat grupo sa isyu ng curfew at paggamit ng single use plastic sa bayan ng Balete, Aklan.

**Pamprosesong mga Tanong**

1. Ano ang koneksyon ng bawat grupo sa isa't isa?
2. Bakit kailangan ng kooperasyon at pakikialam ng lahat ng myembro ng komunidad para malutas ang mga isyu?

## IV. **Active Integration** | Content Creation for popularizing Citizens' Concerns
***Aktibong Paghahabi*** | *Paglikha ng Mensaheng may Pakialam sa mga Mamamayan*

Harinawa matunghayan
Ang patas na kaunlaran
Parada ng Sambayanan
Sa unahan Mamamayan

*Shall I live to see the day*
*Progress comes with equity*
*In the procession of Society*
*Let Citizens lead the way*

INTEGRATIVE CREATIVE CONTENT ADVOCACY CLASS EXERCISES

**Gawain 5. *Balete, Banwa ko* (Balete, Bayan ko)**

Batay sa iyong mga natutunan tungkol sa mga tunggalian at pagkakaiba-iba sa mundo (at sa Balete), lumikha ng isang slogan o maikling tula (4-8 linya) na nagtataguyod ng pagkakaisa at pagkakaintindihan sa gitna ng pagkakaiba-iba. Ang natapos na tula o slogan ay ibabahagi sa mga kapwa mag-aaral sa loob at labas ng paaralan.

**Gawain 6. Kwento ko, Kwento mo, Kwento natin lahat!**

Kumpletuhin ang maikling komiks strip sa ibaba. Lagyan ng dayalogo ang mga tauhan na nagpapakita ng isang pangyayari sa Balete na kathang isip o totoo kung saan nagkaroon ng pakakaiba-iba ng pananaw, ngunit sa huli ay nagkaroon ng solusyon dahil sa pagtutulungan ng mga mamamayan. I post sa sariling *facebook account* ang larawan ng ginawang maikling komiks strip at gamitin ang hashtag

**#BAEAYONnatonroBALETEngamasMAYADpakaysakoKAHAPON** o
**#SAMASAMANGbuoinangBALETEnamasMAUNLADkesaKAHAPON**



## V. Process and Impact Assessments from the views of Teachers and Students
*Pagtatasa ng Proseso at Epekto batay sa tingin at danas ng mga Guro at Mag-aaral*

| KEY ASSESSMENT INDICATORS | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **AFFECTIVE** : Feelings over the Subject<br>*Pagdama sa Paksang Pinag-aaralan* | Numb<br>*Namanhid*<br>1 | Disdainful<br>*Nangutya*<br>2 | Affected<br>*Nabagbag*<br>3 | Hopeful<br>*Nag-alab*<br>4 | Shaken<br>*Nayanig*<br>5 |
| **COGNITIVE** : Thoughtful Consideration<br>*Pagsasa-isip ng Usaping Tinatalakay* | Falsehood<br>*Bulaan*<br>1 | Irrational<br>*Baligho*<br>2 | Mindful<br>*Mapagtanto*<br>3 | Thorough<br>*Mabusisi*<br>4 | Analytic<br>*Mapanuri*<br>5 |
| **PHYSICAL** : Participation in Activities<br>*Paglahok sa mga Pisikal na Aktibidad* | Unwilling<br>*Umiiwas*<br>1 | Hesitant<br>*Atubili*<br>2 | Cooperative<br>*Sumasali*<br>3 | Involved<br>*Ganado*<br>4 | Animated<br>*Bibo*<br>5 |
| **APPLIED** : Creative Content Advocacy<br>*Pagbabahagi ng Natutunan sa Klase* | Negligent<br>*Pabaya*<br>1 | Wanting<br>*Kulang*<br>2 | Compliant<br>*Bastante*<br>3 | Consistent<br>*Palagi*<br>4 | Persistent<br>*Pursigido*<br>5 |
| **PROCESS** : Generating Joy in Learning<br>*Paglinang ng Kasiyahan sa Pagkatuto* | Annoyed<br>*Nayayamot*<br>1 | Bored<br>*Nababagot*<br>2 | Content<br>*Kampante*<br>3 | Eager<br>*Natutuwa*<br>4 | Excited<br>*Nagagalak*<br>5 |

The indicators are intended to help assess the effectiveness of the exemplars in real time, or as close as practicable to the actual weekly sessions. The key indicators follow the exact same approach and framing, i.e., Affective—Cognitive—Physical—Integrative plus Process. Lower scores (1,2) indicate negative effect while higher scores (4,5) reflect positive effect.

Instructors are to encircle the numbers that best correspond to their own observations of the class in its entirety, sort of like an average reading. In the case of emotional responses, was the class simply ***affected***, or affected enough to express ***hope***, or did it even seem like their defenses were visibly ***shaken***; or mostly unaffected and ***disdainful*** or plainly ***numb***? If time permits, it should be compelling to hear what the students have to say themselves.

TEACHER'S ADAPTIVE NOTES | INNOVATIVE WAYS FORWARD